**Pamagat**: Ang Pastol at ang Tupang Ligaw

**Bible Text**: Luke 15:4 "What man of you, having an hundred sheep, if he lose one of them, doth not leave the ninety and nine in the wilderness, and go after that which is lost, until he find it?"

*Pagsasalin*: Sino sa inyo na mayroong isandaang tupa at mawalan ng isa sa mga iyon ay hindi iiwan ang siyamnapu't siyam sa ilang at hahanapin ang nawawala, hanggang sa ito'y kanyang matagpuan?

**Panimula**:

1. Naparaming mga tao ang natipon upang mapakinggan o makita si Jesus. (Lk. 14:25 – lubhang maraming tao)
2. (15:1) – Dahil sa mensahe ni Cristo, nilapitan siya ng mga naniningil ng mga buwis at makasalanang tao. Kasama na rin ang mga Fariseo at eskriba (v.2, mga lider ng relihiyoso). Subalit sila ay nagbulung-bulungan (murmur – to complain throughout the crowd).
3. Ginamit ni Cristo ang nauunawaan ng mga tao noong kapanahunan niya: ang Pastol at ang pag-aalaga ng mga tupa. At ito ang mga mapapagaralan tungkol sa kanyang maikling parable.

**I. Ang Dios ay Pagmamalasakit para sa Indibiduwal**:

A. Ang Dios ay nakikipagugnay sa isa. Hindi sa umpukan o karamihan ng tao (crowd).
B. "at mawalan ng isa" (v.4) – if he lose "one." Ang Pastol ay hindi nasiyahan dahil sa isang tupang ligaw.
C. Ang puso ng Dios ay nababahala para sa isa (isang kaluluwa). Itimbang mo ang buong mundo sa halaga ng isang kaluluwa at matutuklasan mo na mas mabigat ang isang kaluluwa, mas-mahalaga kaysa sa buong mundo.
D. Ang kamatayan ni Cristo ay para sa indibiduwal, ang pag-ibig ng Dios. Sa dami ng mga tao sa mundong ito, pati na rin ang mga lumipas na generations – ngunit kilala ka ng Dios, at alam niya ang lahat ng mga patungkol sa iyo.
E. Bilang Dios, kaya niya, kung baga'y iwanan ang siyamnapu't-siyam para sa isa.

**II. Bakit May Pagmamalasakit ang Pastol para sa Isa?:**

A. Dahil alam niya ang mangyayari sa tupang ligaw. At ganito rin ang pagmamahal ng Dios para sa isang makasalanang tao. Alam ng Dios na kakainin tayo ng kasalanan, gagamitin tayo ng mundo, at papatayin tayo ni Satanas. Yun Pastol – alam niya ang panganib pero ang tupa ay walang-malay. (spiritual na panganib – ito ang kalagayan na lumalala – ay dito hindi namamalayan ng tupang ligaw). Ligaw sa kagubatan ng kasalanan.
B. Dahil alam niya ang "potential" (maaring mangyari) sa/ng isang kaluluwa kapag ito ay maligtas. Ang pag-ibig ng Dios ay nakatutuk sa tupang ligaw!

**III. Saan Natin Makikita ang Pagmamalasakit ng Pastol para sa Isa**?:

A. Si Jesus ay bumabaga galing sa liwanag ng Langit. Dios na nagkatawang tao (1 Tim. 3:16).
B. Iniwan niya ang luwalhati ng Langit. Naranasan niya ang lahat ng resulta ng kasalanan – bagamat siya ay puro, inocente, ang walang-sala.
C. Ipinako sa isang karumal-dumal ng krus. At doon ipinasan sa kanya ang lahat ng ating mga kasalanan. Kinuha niya ang hatol ng Dios sa kanyang sarili, upang ang sino may' sa kanya na sumampalataya ay hindi mapahamak ngunit magkaroon ng buhay na walang hanggan. Tinikman niya ang kamatayan para sa lahat, para sa bawa't isa.

**Katapusan**:

1. Kaibigan, ano ang nasa iyong puso? Baka hindi ka interesado? Baka sa isip mo, ito ay para sa iba, at hindi para sa akin.
2. Kung halimbawa may lumapit sa iyo at sinabihan ka: gusto kong magbigay sa iyo ng isang millyong piso – tiyak na ikaw ay magiging interesado – at kapag ito ay inialay sa iyo, hindi mo tatanggihan at hindi ka mag-hihintay. PERO mas mahalaga ang kaligtasan!
3. Si Cristo ang Pastol na humabol at humanap sa tupang ligaw! Kahit sa kamatayan at pag-akit ng ating mga kasalanan, ang poot ng Dios – tiniis niya ang lahat para lang sa isang tupang ligaw. Kung hindi ka pa ligtas, magsisi at sumampalataya at sasaiyo ang Panginong Jesus – ang Pastol na nagmamahal sa iyong kaluluwa.